(Tagalog version)

Na-update noong 28/07/2023

**Mpox (kilala rin bilang monkeypox)**

**Ahenteng nagdudulot**

Ang Mpox (kilala rin bilang monkeypox) ay isang sakit na galing sa hayop na dulot ng virus ng monkeypox.

Mula noong Mayo 2022, nagkaroon ng multi-country outbreak ng monkeypox na iniulat mula sa maraming bansa sa malawak na magkakaibang heograpikal na mga lugar sa buong mundo.

**Mga klinikal na katangian**

Maaaring kabilang sa mga sintomas ang lagnat, matinding pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan at pamamaga ng lymph node.

- Maaaring maging katangi-tanging katangian ng monkeypox ang malalang pamamaga ng mga lymph node bago.
- Lumilitaw ang mga sugat sa bibig at katawam nang humigit-kumulang 1 hanggang 3 araw matapos ang simula ng lagnat. Lumalago ang mga sugat mula sa mga maculopapule na nagiging vesicle, pustule at sinusundan ng mga crust sa loob ng 10 araw hanggang dalawang linggo at tipikal na lumalago nang sabay-sabay sa lahat ng bahagi ng katawan.
- Ang mga pasyente ay maaaring magpakita ng mga hindi tipikal na sintomas tulad ng hindi maipaliwanag na genital, ano-genital o oral lesyon (halimbawa, ulcers, nodules) o proctitis sa mga nasa hustong gulang na aktibo sa pakikipagtalik.

Ang monkeypox ay karaniwang isang kusang gumagaling na sakit na tumatagal nang 14 hanggang 21 araw. Ang dami ng mga kaso ng namamatay sa mga nakaraang biglang paglitaw ng monkeypox ay sa pagitan ng 1% at 10%.

**Paraan ng pagkalat**

Maaaring lumitaw ang impeksyon kapag nadapuan ang isang tao ng virus na mula sa mga nahawaang hayop, mga nahawaang tao o mga kontaminadong materyal. Maaaring mahawaan ang mga tao ng iba't-ibang hayop, katulad ng ilang primado (*primate*), rodent, ardilya (*squirrel*) atbp., sa pamamagitan ng kagat o kalmot, o direktang pagdapo sa mga likido mula sa kanilang katawan. Maaari rin ang hawaan mula sa tao papunta sa isa pang tao sa pamamagitan ng mga patak mula sa

palahingahan sa panahon ng matagal na harapang pakikisalamuha o direktang pagdapo sa mga likido mula sa katawan.

**Panahon ng inkubasyon**

Ang panahon ng inkubasyon ay karaniwang mula 6 hanggang 13 araw, at may saklaw na mula 5 hanggang 21 araw.

**Pangangasiwa**

- Sa prinsipyo, ang paggamot sa mpox ay kinabibilangan ng pagkontrol sa mga sintomas, pamamahala ng mga komplikasyon at pag-iwas sa mga pangmatagalang sequelae. Ang mga pangalawang impeksiyong bacterial ay dapat tratuhin ayon sa ipinahiwatig.

**Pag-iwas**

Upang mabawasan ang panganib ng impeksyon, ang mga miyembro ng publiko na naglalakbay patungo sa mga lugar na naapektuhan ng virus ng monkeypox ay dapat na:

- Umiwas sa malapitang pisikal na pakikisalamuha sa mga may sakit na tao o hayop;
- Magsuot ng pananggalang na kasuotan at kagamitan kasama na ang mga guwantes at mga surgical mask kapag nag-aalaga ng mga may sakit na tao o humahawak ng mga hayop, at regular na maghugas ng mga kamay matapos ang mga pamamaraang ito;
- Lutuin nang maigi ang mga produktong galing sa hayop bago kainin.
- Humingi agad ng medikal ma payo para sa anumang mga kahina-hinalang sintomas.

**Pagbabakuna sa Mpox**

- Ang bakuna na tinatawag na "JYNNEOS" ay lisensyado ng U.S. Food and Drug Administration (FDA) para sa proteksyon ng Mpox noong 2019. Sa Hong Kong nagsimula ang programa ng pagbabakuna ng Mpox para sa mga grupong may mataas na peligro noong 5 Oktubre 2022.
- Hinimok ng Center for Health Protection (CHP) ang mga indibidwal na may mataas na panganib, lalo na ang mga mga lalaking nakikipagtalik sa mga lalaki (MSM) na may mataas na panganib na mga gawaing sekswal, na tumanggap ng maagang pagbabakuna. Dapat silang humingi ng medikal na atensyon sa lalong madaling panahon kung makaranas sila ng mga sintomas ng Mpox.

  Sa kasalukuyan, ang mga indibidwal na may mataas na panganib ay maaaring

makatanggap ng mga bakuna sa Mpox sa alinmang Social Hygiene Service Clinics (SocHS) at mga itinalagang sentro ng Kagawaran ng Kalusugan (DH). ( Para sa karagdagang impormasyon ng programa ng pagbabakuna, mangyaring sumangguni sa: https://www.chp.gov.hk/en/features/106090.html )

Para sa higit pang mga detalye sa Mpox, pakibisita ang: https://www.chp.gov.hk/en/features/105683.html